

Pinagyangamang modelong MEDIA para sa pagtuturo ng/sa Filipino

Eustaquio, Regina Lorraine ✉

Philippine Normal University, Philippines (eustaquio.rly@pnu.edu.ph)

Mendoza, Charlene Lovely

Sadsad, Nikka

Tomelden, Beatriz Jasmin

Villaluna, Kristine

Macascas, Cristina D.

Gime, Arjohn



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 January 2023

Available Online: 2 July 2023

Revised: 30 June 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2017

Accepted: 2 July 2023

Abstract

The purpose of this study is to intensify the MEDIA model using an open discussion focused on the context of cultivating communicative competence, macro skills, and self-social relationships. This research is a qualitative study in descriptive form. The researchers analyzed different MEDIA plans from 11 pre-service teachers to achieve the goal. From the analysis made, a modification of the MEDIA model was developed. From this, a lesson plan anchored in the intensified model was developed and used in a teaching demonstration that was evaluated by 1 expert and 9 pre-service teachers. From the assessment made, it was proven that the developed enriched MEDIA model could help in the teaching of Filipino to further cultivate in students the necessary skills and relate themselves to society. The researchers suggest conducting other lessons at different levels and subjects to see the effectiveness of the model. Also, conduct MEDIA model development in other disciplines.

Keywords: assessment, explore, innovation, macro skills, motivation

Pinagyamang modelong MEDIA para sa pagtuturo ng/sa Filipino

1. Paniwala

Ika-11 ng Marso 2020 nang idineklara ni Dr. Tedros Adhanom Ghebreyesus, Direktor Heneral ng World Health Organization (WHO), ang COVID 19 bilang pandemiya. Naging hudyat ito ng malawakang pagbabago sa mga gawain ng mga mamamayan sa bawat panig ng mundo. Ang akademiya ay isa sa mga sektor na labis na naapektuhan ng pandemiya.

Sa Pilipinas, hindi nagkaroon ng pormal na pagtatapos ang taong panuruan 2019-2020 dahil sa pagsasara ng mga paaralan. At naging malaking agam-agam ang pagbabalik sa paaralan ng mga estudyante para sa taong panuruan 2020-2021. Ang pagbabagong ito sa kapaligiran ay naging daan upang mabilisan at sapilitang magpalit sa emergency remote teaching and learning bilang tugon sa pandemiya. Ang Sulong EduKalidad, programa ng Kagawaran ng Edukasyon, ay hindi nagpatinag sa COVID-19. Kailangang ipagpatuloy ang pagtuturo at pagkatuto sa kabila ng malaking pagsubok sa pamamagitan ng Basic Education Learning Continuity Plan in the Time of COVID 19 (BE-LCP). Upang ito ay matamo, kailangan ang sapat na pagbabahagi ng kaalaman mula sa mga pinuno, guro, magulang at iba pang stakeholder sa pagpapatupad ng isang programa. Ang mga payo mula sa mga eksperto maging ang pagkakaisa at suporta ng pang-akademiyang komunidad ay natunghayan para sa paghahanda at pagtuturo sa bagong kadawyan. Kaugnay nito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng Kautusang Pangkagawaran Blng. 12 s. 2020 na Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in Light of the COVID-19 Public Health Emergency. Ito ay gabay sa pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemiya at pagtugon sa mga hamon ng bagong kadawyan sa edukasyon. Saklaw ng kautusang ito ang mahahalagang kahingian at pangangailangan ng edukasyon sa panahon ng pandemiya. Kabilang dito ang mga protocol sa kalusugan at kaligtasan, Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto o Most Essential Learning Competencies (MELCs), at iba't ibang modalidad sa pagtuturo at pagkatuto.

Bilang tugon sa hamon ng panahon, ang Pamantasang Normal ng Pilipinas – Linangan ng Pagtuturo at Pagkatututo (PNU-ITL) ay nagsagawa ng sarbey sa mga estudyante at kanilang mga magulang kaugnay ng modalidad na nais nila para sa panuruang 2020-2021. Mula sa sarbey, pinili ng mga estudyante at mga magulang ang online distance learning (ODL). Sa ODL, ang guro ay tagapagpadaloy ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto habang aktibong nakikilahok sa talakayan ang mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang gadyet, technology-mediated platforms, at akses sa internet.

Sa pagpapalit ng modalidad ng pagtuturo at pagkatuto, sinimulan din ang pag-aangkop ng banghay ng pagtuturo upang mabisang maihatid at malinang sa mga estudyante ang nilalaman ng kurikulum. Ayon kina Alagad-Abad at Castaneto-Ruedas (2001), ang banghay ng pagtuturo ay balangkas ng mga gawain ng guro sa araw-araw bilang patnubay sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pagtuturo para sa ikapagtatamo ng mga inaasahang bunga. Kaugnay nito, ginamit ng mga guro ng PNU-ITL ang modelong MEDIA (Motivate-Explore-Discuss-Innovate-Assess) bilang gabay sa pagbalangkas ng mga aralin. Ang modelong MEDIA ay hango sa modelong MEDIA (Motivation-Explanation-Discussion-Interaction-Assessment) na bunga ng pag-aaral ni Montebon (2016).

Sa layuning maging mas malalim at buo ang pagkatuto ng mga estudyante sa kabila ng limitadong oras sa ODL, ginawang tematiko ang paghahatid ng mga aralin. Ang tematikong lapit ay paraan ng pagtuturo at pagkatuto kung saan ang maraming bahagi ng kurikulum na magkakaugnay ay pinagsama-sama sa loob ng isang tema sa pagtuturo at pagkatuto. Sa kaso ng PNU-ITL, may isang tema sa bawat markahan at sa bawat markahan ay may lingguhang sub-theme. Sa bahaging innovate (pagbuo), ang mga estudyante ay bubuo ng isang awtput para sa magkakaugnay na mga paksa. Pangunahing layunin nito na mabawasan ang mga gawain ng mga estudyante habang pinaunlad ang kanilang kakayahan na iugnay at ilapat ang kanilang pagkatuto mula sa isang

disiplina patungo sa iba pang disiplina sa isang makabuluhang awtput. Ang halos kabuoan ng klase ay nasa sesyong asinkronus sa pamamagitan ng e-PNU, ang Learning Management System ng PNU, maliban sa discuss (pagtalakay) na isinasagawa minsan sa isang linggo sa pamamagitan ng zoom.

Ayon kina Krause at kaniyang mga kasama (2006), gampanin ng guro na makabuo o makadisenyo ng mga gawaing makapagbibigay ng motibasiyon sa mga estudyante. Madalas na gumagamit ang guro ng mga paraan upang lalong mahikayat ang mga estudyante na makisangkot sa talakayan tulad ng pagkilala sa mga kasagutan ng estudyante, pagbibigay ng mga simpleng gantimpla, o di naman kaya'y magagaang parusa o *consequence* kalakip ng pagtaliwas sa panuto ng guro. Kaugnay nito, ang nakapanghihikayat na talakayan ay nagbibigay oportunidad sa estudyante na maging malikhain at magkaroon ng kolaborasyon sa iba na magdudulot ng kabuluhan sa kanilang ginagawa (Bowen, 2003).

Mula rito, masasabing ang guro ng wika ay dapat na maging bukas sa mga pagbabago, hindi lamang sa modalidad ng pagtuturo kundi pati sa pamamaraan o mga estratehiya ng pagtuturo at sa uri ng banghay-aralin na gagamitin. Kaugnay nito, ang pagtuturo ng wika ay hindi lamang dapat nakasandig sa estruktura kundi dapat na mas pinaunlad at pinalalalim kung paano ito mailalapat nang akma lalo na sa mga komplikadong kaisipang maaaring kasangkapan ng wika. Kung kaya't ang talakayan ay dapat na nakalilalang sa kakayahang at kasanayan ng estudyante. Ang bukas na talakayan ay lunsaran ng aktibong pakikilahok ng estudyante. Ang malayang pagpapalitan ng mga kaisipan at konsepto sa pagitan ng guro at mga estudyante at estudyante sa kapuwa estudyante ay tulay upang mas lalong maiproseso ng mga estudyante ang kanilang mga natutuhan. Sa kabilang banda, sa pamamagitan nito, nabibigyan ng pagkakataon ang guro na magkaroon ng paunang pagtataya sa kaalamang taglay ng mga estudyante. Ang ganitong uri ng talakayan ay hindi lamang nakapaghahatid ng impormasyon kundi higit na nakapanghihikayat sa mga estudyante na malinang ang kanilang kakayahang pangkomunikatibo at maiugnay ang kanilang mga natutuhan sa sarili at lipunan.

Sa unti-unting pagluwag ng mga restriksiyon, nagbago na rin ang modalidad ng pagtuturo sa PNU-ITL. Ang dating sinkronus na klase sa pamamagitan ng zoom ay nagbalik na sa face to face na modalidad. May dalawang oras na face to face ang bawat asignatura, isang araw sa isang linggo. Kaya naman ang pamamaraang ginawa sa panahon ng remote teaching ay kailangan na ring umangkop sa modalidad ng pagtuturo sa taong panuruan 2022-2023.

Kaugnay ng nasabing pagbabago, layunin ng pag-aaral na ito na mapaunlad ang modelong MEDIA sa konteksto ng paglinang ng kasanayang pangwika ng mga estudyante ng/sa Filipino sa pamamagitan ng: (1) pagsusuri ng modelong MEDIA gamit ang mga banghay-aralin mula sa iba't ibang asignatura, (2) pagtukoy sa mga bahagi ng modelo na maaari pang paunlarin upang maglinang ng kakayahang pangkomunikatibo, makrong kasanayan at ugnayang sarili at lipunan, at (3) pagkakaroon ng intensipikasyon sa pagtuturo ng wika gamit ang modelong MEDIA na bukas sa talakayan.

2. Pamamaraan

Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na nasa anyong deskriptibo, na ginamitan ng proseso ng pag-aanalisa ng dokumento sa pagkalap ng datos na naglalayong matukoy ang mga posibleng pagkakaipareho, pagkakaiba at kahinaan ng mga nakalap na banghay-aralin na magbibigay ng ibayong ideya sa mga mananaliksik sa pagbuo ng planong pinagyamang modelong MEDIA. Ang pamamaraang ito ay makatutulong sa pagsukat ng kabisaan ng paglalapat ng modelong MEDIA sa pagbuo ng banghay-aralin at sa pagtalakay ng mga guro gamit ang bukas na talakayan na nakatuon sa konteksto ng paglinang ng makrong kasanayan, kakayahang pangkomunikatibo, at ugnayang sarili at lipunan.

Kabilang sa kalahok ng pag-aaral mula sa PNU-ITL ang 9 na gurong nagsasanay sa ilalim ng pangangasiwa ng eksperto sa paggamit ng modelo na nagmasid sa pakitang turo at sumagot sa *observational tool*. Habang 11 naman ng mga gurong nagsasanay mula sa iba't ibang baitang at asignatura sa PNU-ITL ang pinagkuhanan ng banghay-aralin na ginamit sa *document analysis*.

Bumuo ang mga mananaliksik ng isang hanay-depinisiyon ng modelong MEDIA na nakakonteksto sa pagtuturo ng Filipino dahil ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagpapaunlad at pagbibigay-tuon sa paglinang ng kasanayang pangkomunikatibo sa Filipino. Kasunod nito ang paglikha ng tseklist bilang instrumento ng mga mananaliksik na naging batayan upang makita ang intensipikasyong dapat mapalitaw sa pagtuturo at pagbuo ng banghay-aralin sa Filipino gamit ang modelong MEDIA.

Ginamit ng mga mananaliksik ang likert scale upang tukuyin ang kabisaan ng intensipikasyon sa pagtuturo ng wika gamit ang modelong MEDIA. Upang makuha ang range ng bawat antas, kailangang kunin ang kabuoang bilang ng likert scale (5) at ibawas ang pinakamaliit na bilang na mayroon sa likert scale (1) o $[5-1=4]$. Kailangang hatiin ang sagot mula rito (4) sa kabuoang bilang (5) ng likert scale na magreresulta sa 0.8. Pagkatapos ay kunin ang pinakamababang bilang sa likert scale (1) at idagdag ang nakuhang resulta (0.8) na magreresulta sa 1.8. Mula rito nakuha ang range para sa unang bilang [lubusang hindi namasid (1.00-1.80)]. Dadagdagan lamang ito nang dadagdagan ng 0.8 hanggang sa umabot sa huling bilang [lubos na namamasid (4.30-5.00)].

3. Resulta at Pagtalakay

Inilalahad sa bahaging ito ang mga nakalap na datos at resulta ng pag-aaral. Ang bahaging ito ay nahahati sa tatlo - kinalabasan ng pagsusuri sa mga banghay-aralin, nabuong pinagyamang modelong MEDIA batay sa resulta ng pagsusuri ng mga banghay-aralin, at pagtatasa ng mga tagamasid sa pakitang turo gamit ang banghay-aralin na naaayon sa pinagyamang modelong MEDIA. Ang mga mananaliksik ay nakalap ng kopya ng mga banghay-aralin mula sa mga gurong nagsasanay sa iba't ibang asignatura at iba't ibang baitang sa basikong edukasyon. Kabilang sa nakalap na banghay-aralin ay mula sa Filipino, English, Araling Panlipunan, Math, Science, Music, Arts, PE, TLE, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Narito ang resulta ng ginawang pagsusuri:

May iba't ibang pamamaraan at estilo ang bawat guro sa pagbuo ng kani-kaniyang banghay-aralin. Nakabatay ang talakayan at mga gawain sa MELCs ngunit nasa diskarte at pamamaraan ng guro kung paano masusulit ang nakalaang oras ng klase para sa isang mabunga at masayang pagtuturo at pagkatuto. Inaayon ng bawat guro ang bigat at dami ng gawain batay sa baitang ng mga estudyante at sa kinakailangang mga kompetensi. Ito marahil ang dahilan kung bakit karamihan sa banghay-aralin na nakalap ay kinakitaan ng maraming pagkakaiba kung pag-uusapan ang moda at proseso ng pagbibigay ng gawain kahit na iisa lamang ang sinusunod na modelo. Kapansin-pansin sa halos lahat ng nakalap na banghay-aralin na ang bahagi ng Motibasyon ay isinasagawa nang sinkronus na kinapapalooban ng maikling gawain tulad ng analohiya (*English*), word cloud at jigsaw puzzle (*AP*) at iba pang mga katulad na gawain bilang pagganyak. Makikita sa Talahanayan 1 ang iba pang gawain.

Talahanayan 1

Gawain sa Motibasyon

Asignatura	Moda	Gawain	Makrong kasanayang nalilintang
PE	sinkronus	4 pics, 1 word	pagsasalita at panonood
Filipino	sinkronus	sitwasyunal na tanong at mga pagpipilian	pagsulat at pagbasa
Math	sinkronus	pangkatang gawain	pagsulat
Science	sinkronus	maikling pangkatang pagsusulit	–
TLE	sinkronus	pagkanta	pakikinig

Samantala, karamihan sa bahagi ng Eksplorasyon ay isinagawa rin nang sinkronus maliban sa Science na

ang gawain ay pagpapanood ng bidyo na asinkronus ipinagawa bago ang harapang pagkikita sa klase. Ang ilan naman sa mga gawaing ibinagay sa bahaging ito ay dugtungang pasalaysay (*AP*), pagpapahula ng larawan (*Music at Arts*), pangkatang gawain (*Math*), pagpapasagot ng mga gabay na tanong (*PE, Health*) at ang tanging asignatura na may teksto at talasalitaan sa bahaging ito ay ang Filipino. Iba't iba rin ang pamamaraang isinagawa sa bahagi ng Diskusiyon tulad ng pagtalakay lamang ng paksa (*English, Arts, PE*) habang ang karamihan ay may iba't ibang pamprosesong tanong na sasagutin ng mga estudyante (*Fil, AP, Music, Health*). Samantalang ang iba ay may kani-kaniyang gawaing inihanda sa klase tulad ng mga pagsasanay (*Math*), simulasyon (*Science*), pagsagot sa Jamboard tungkol sa pinanood na bidyo (*TLE*), at pangkatang gawain (*EsP*).

Sa bahagi ng Inobasiyon, kapansin-pansin na may mga gawain na may integrasyon sa teknolohiya gaya ng paggamit ng YouTube (*Arts*), paggamit ng speakers (*PE*), *instrument simulator app* (*Music*), at paggamit ng Jamboard (*TLE*). Karamihan sa mga gawain na nakita sa bahaging ito ng mga banghay-aralin ay nakalilalang ng makrong kasanayan sa pagbasa at pagsulat, maliban sa pangkatang gawain na nakapaglinang ng pagsulat (*English*) at word hunt na nakapaglinang ng pagsasalita (*Health*). Sa bahaging ito ng modelong MEDIA, inaasahan na ang mga ipagagawa ng guro ay may integrasyon sa ibang asignatura. Ngunit makikita na wala sa mga gawaing nasa bahaging ito ng mga banghay-aralin ang nakatugon sa kahingiang ito.

Talahanayan 2

Gawain sa Inobasiyon

Asignatura	Gawain	Makrong kasanayang nalilalang
Arts	pangkatang gawain	panonood
Health	word hunt	pagsasalita
PE	pares na aktibidad	-
English	pangkatang gawain	pagbasa, pagsulat
Filipino	pagbuo ng graph	-
AP	pangkatang gawain (venn diagram)	-
Health	impormal na pagpapabuod	pagsasalita
Math	problem solving	pagbabasa
Science 10	pangkatang gawain	pagbabasa
EsP 10	sanaysay	pagsulat

Pagdating sa bahagi ng Pagtataya, mapapansin na halos lahat ng ipinagawang gawain para sa pagtataya ay nasa anyo ng pagsusulit na minsan pa ay may kasamang takdang-aralin. Mayroon ding pagkakataon na wala nang ipinagawang pagtataya. Sa bahaging ito, makikitang madalas na nalilalang ang kasanayan sa pagsulat.

Talahanayan 3

Gawain sa Pagtataya

Asignatura	Pagtataya	Makrong kasanayang nalilalang
AP 5	pagsusulit	-
Health	pagsusulit at takdang-aralin	pagsulat
Music	pagsusulit at takdang-aralin	panonood at pagsulat

Math	worksheet	-
Music	pangkatang gawain	-
Science	pagsusulit	-
Filipino	-	-
AP	pakikipanayam	pagsasalita, pakikinig, at pagsulat
EsP	pagsusulit	pagbabasa at pagsusulat

Pagkatapos ng ginawang pakikipanayam sa eksperto ng modelong MEDIA at pagsusuri sa mga aktuwal na bahagay-aralin, nabuo ang sumusunod na intensipikasyon ng modelo.

Talahanayan 4

Modelong MEDIA

MODELO	Pagpapakahulugan batay sa paglalapat sa PNU-ITL (Taong Panuruan 2022-2023)	Pagpapakahulugan batay sa nabuong Pinagyamang Modelong Media
MOTIVATION (PAGGANYAK)	Maikling bidyo tungkol sa lingguhang sub-theme na mapanonood nang sabay-sabay sa morning assembly o kaya naman ay sa asinkronus na klase	Pagbibigay ng motibasyon sa pamamagitan ng isang maikling asinkronus na gawain na maaaring papanoorin, pakikinggan o bibigyang- interpretasyon o pagpapakahulugan ng mga mag-aaral na magsisilbing paunang gawain o bago ang harapan o sinkronus na talakayan
EXPLORE (PAGPAPALIWANAG)	Mga gawain sa asinkronus upang malaman at matutuhan ang aralin tulad ng pagpapabasa sa teksto at pagsagot sa mga tanong kaugnay ng binasa	Pagtuklas sa paksa o mga kaugnay na konseptong tatalakayin sa klase sa pamamagitan ng pagbasa sa teksto at pagsagot sa mga pamprosesong tanong o gawaing kaakibat nito
DISCUSS (PAGTALAKAY)	Talakayan sa sinkronus na klase na mas pinadali ang bukas na komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa pamamagitan ng mga halimbawa at gawain	Talakayan sa sinkronus na klase tungkol sa aralin at sa mga konseptong naunang inilatag sa bahagi ng Pagganyak at Pagpapaliwanag. Nahahati ang bahaging ito sa lima: a. Pagganyak/Pagbabalik-aral - Pagganyak na gawain na may kinalaman sa nagdaang aralin o sa aralin na tatalakayin b. Pag-aalis ng sagabal - Gawain o pagpapaliwanag ng guro sa mga salitang ginamit sa binasang teksto c. Paglalahad - Pagtalakay sa paksa at mga kaugnay na konsepto ng aralin. Maaaring bigyang-linaw at bigyang pagpapalalim ang mga konseptong inilatag ng guro sa talakayan at maging sa mga naunang gawain na hindi naunawaan ng estudyante kung kaya't ang bukas na talakayan at pagpapalitan ng diskurso ay hinihikayat sa bahaging ito. d. Pagsasanay - Gawaing maaaring pang-individuwal o pangkatan bilang pagsasanay sa tinalakay na aralin e. Paglalapat/Pagpapalalim - Gawaing makatutulong upang maiugnay ng mga estudyante ang natutuhang aralin sa kanilang sariling danas at sa lipunan, maaaring pagpapalalim na tanong o mga pagsusuring gawain na mailalapat ang aralin sa konteksto ng lipunan

INNOVATE (<i>PAGBUO</i>)	Pagbuo ng isang makabuluhang gawain kaugnay ng sub-theme at mga aralin sa iba't ibang asignatura na inaasahang mabubuo sa pagkatapos ng mga talakayan	<i>Kolaboratibong Gawain</i> Gawaing may integrasyon mula sa ibang asignatura at/o pampangatang gawain na ang tuon ay ang natutuhan tungo sa isang makalidad na awtput
ASSESS (<i>PAGTATAYA</i>)	Pagtataya at pagbibigay ng ebalwasyon ng guro	Pagsusulit na magiging batayan ng kaalamang natutuhan at kasanayang natamo ng mga estudyante

Matapos ang ginawang intensipikasyon sa modelo, bumuo ng banghay-aralin para sa isang tiyak na paksa. Ginamit ito sa isang pakitang turo at nag-anyaya ng mga tagamasid. Gumamit naman ang mga tagamasid ng isang panukat na sumailalim sa ebalwasyon.

Narito ang kinalabasan ng pagmamasid sa klase:

Talahanayan 5

Pamantayan sa Motibasiyon

Pamantayan	Antas	Interpretasyon
1. Naiuugnay o nalilintang ang nakaraang aralin sa kasalukuyang aralin	3.6	Namasid
2. Nakahihikayat ang mga pagganyak na gawain	4.8	Lubusang Namasid
3. Naiuugnay ng mga estudyante ang kanilang sariling kaalaman at karanasan sa paksa	4.3	Lubusang Namasid
4. Nagkakaroon ng integrasyon sa paggamit ng teknolohiya	4.8	Lubusang Namasid
5. Naiaangkop ang gawain sa modalidad ng pagtuturo	4.8	Lubusang Namasid
6. Nakapaghahasa ng kasanayang pangkomunikatibo ang gawain	4.6	Lubusang Namasid

Sa unang pahayag, 3 mula sa 10 kalahok o 30% ang nagsabi na lubos nilang namasid ang pag-uugnay ng guro/mananaliksik ng nakaraang aralin sa kasalukuyang aralin ng klase. Dalawa o 20% naman ang nagsabi na namasid nila ang pag-uugnay ngunit hindi lubusan. May 3 o 30% namang sumagot ng '3' o hindi lubusang namasid, at may isa o 10% ang sumagot ng '2' o hindi namasid ang ugnayan. Sa ikalawang pahayag, 8 mula sa 10 kalahok o 80% ang nagsabi na lubos nilang namasid ang pagiging mapanghikayat ng pangganyak na gawain. Samantala, 2 o 20% naman ang nagsabi na namasid nila ito ngunit hindi lubusan. Sa ikatlong pahayag, 3 mula sa 10 kalahok o 30% ang nagsabi na lubos nilang namasid na naiugnay ng mga estudyante ang kanilang sariling kaalaman at karanasan sa paksa. Samantala, 7 naman ang nagsabi na namasid nga nila ito ngunit hindi nga lang lubusan. Sa ikaapat na pahayag, 7 mula sa 10 kalahok o 70% ang nagsabi na lubos nilang namasid ang integrasyon ng paggamit ng teknolohiya sa pangganyak na gawain ng guro/mananaliksik. Samantala, 3 o 30% naman ang nagsabi na namasid nila ito ngunit hindi nga lang lubusan. Sa ikalimang pahayag kung saan ang tinitingnan ay kaangkupan ng gawain sa modalidad ng pagtuturo, 8 mula sa 10 kalahok o 80% ang sumagot ng '5' o lubos na namasid at dalawa (2) o 20% naman ang sumagot ng '4' o namasid. Sa panghuling bilang/pahayag para sa bahagi ng Motibasiyon kung saan ang titingnan ay kung nakapaghahasa ba ng kasanayang pangkomunikatibo ang pangganyak na gawain, 7 o 70% ang nagsabi na lubusan nila itong namasid, 2 o 20% naman ang nagsabi na namasid nila ito, at may isa o 10% na kalahok na nagsabi na hindi niya ito gaanong namasid.

Mula sa *average* na puntos na nakuha ng bawat pahayag na: 3.6 (T1), 4.8 (T2), 4.3 (T3), 4.8 (T4), 4.8 (T5), at 4.6 (T6), masasabing ang unang pahayag ay namasid ng mga kalahok ngunit hindi lubusan, habang ang ikalawa hanggang ikaanim na pahayag naman ay lubusang namasid ng mga kalahok. Sa bahaging ito ng motibasyon, kinakikitaan na mahalaga ang gampanin ng integrasyon ng paggamit ng teknolohiya sa paghihikayat sa mga estudyante bilang paunang gawain sa pagkatuto. Namasid din ang paghahasa ng kasanayang pangkomunikatibo at pag-aangkop ng gawain sa modalidad ng pagtuturo. Ayon kay Villanueva (2014), sa panahon na maraming inobasyon dulot ng makabagong teknolohiya; mahalagang salik na maging masining at inobatibo ang guro upang matugunan ang hamon sa ikatatagumpay ng epektibong pagkatututo at pagtuturo.

Talahanayan 6

Pamantayan sa Eksplorasyon

Pamantayan	Antas	Interpretasyon
7. Nailalahad o naibubuod nang maayos ang mga pangunahing at mahahalagang punto ng aralin	4.8	Lubusang Namasid
8. Nakagagamit at naipauunawa ang paksang tatalakayin gamit ang biswal at/o awdyo-biswal na materyal	4.9	Lubusang Namasid
9. Naiaangkla ang mga pamprosesong tanong nang may pagpapalalim at pagpapalawig ng mg ideya	4.8	Lubusang Namasid
10. Nakasasagot ang mga estudyante sa pamprosesong tanong nang may pagpapalalim at pagpapalawig ng mga ideya	4.4	Lubusang Namasid
11. Nalililang ng mga pamprosesong tanong ang mga kasanayang pangwika ng mga estudyante	4.7	Lubusang Namasid

Mapapansin sa unang pamantayan ng eksplorasyon na 9 sa 10 kalahok o 90% ang nagsasabing lubusang namasid ang maayos na paglalahad o pagbubuod ng mga pangunahin at mahahalagang punto ng mga aralin habang 1 naman o 10% ang nagsabing hindi ito gaanong namasid. Ngunit sa kabuoan ay mayroon itong 4.8 na antas kung saan masasabi pa rin na lubusang namasid ang maayos na paglalahad at pagbubuod ng mga pangunahin at mahahalagang punto ng aralin, na ayon kina Velaroso at Largo (2021) ay isang paraan upang makuha ang atensiyon ng mga estudyante sa talakayan.

Sa ikalawang pamantayan, 9 sa 10 tao o 90% ang nagsasabing lubusang namasid ang paggamit ng biswal at/o awdyo-biswal na materyal sa pagpapaunawa ng paksang tatalakayin habang 1 o 10 % naman ang nagsabing namasid lamang ito. Sa kabuoan, mayroon itong 4.9 na antas kung saan lubusan pa ring namasid ang paggamit ng biswal at/o awdyo-biswal na materyal sa pagpapaunawa ng paksang tatalakayin. Ayon kay Rogers (2022), ang mga awdyo-biswal na materyal ay nakatutulong upang mas lalong maging interaktibo at makatotohanan ang pagkatuto ng mga estudyante. Sa kabilang banda, ang mga biswal na materyal ay nakatutulong sa mga estudyante na magkaroon ng pagninilay at mas malalim na pag-iisip sa pagbibigay kahulugan sa kung ano ang kanilang nakikita (Marquez, 2019).

Walo naman sa 10 tao o 80% ang nagsabing lubusang namasid ang pag-aangkla ng mga pamprosesong tanong sa babasahin at mga kaugnay na paksa at usapin habang dalawa 2 o 20% lamang ang nagsabing namasid lang ito. Gayunpaman, nasa antas o bilang pa rin ito na 4.8 kung saan lubusang namasid ang nasabing pamantayan. Ang ganitong pamamaraan ay pagbibigay ng isang bukas na talakayan sa mga estudyante kung saan

sa pamamagitan ng pagtatanong ay mas nahihikayat ang mga estudyante na subukin ang kanilang sarili na mag-isip at sumagot nang mas malalim at tiyak.

Sa ikaapat na pamantayan ng eksplorasyon, 5 o 50% ang nagsabing lubusang namasid ang pagsagot ng mga estudyante sa pamprosesong tanong nang may pagpapalalim at pagpapalawig sa ideya habang 4 o 40% naman ang nagsabing namasid ito at isa 1 o 10% ang nagsabing hindi ito gaanong namasid. Sa kabuoan, lubusan pa ring namasid ang pamantayan na may 4.4 na antas. Ayon kay Benett (2021), ang pamprosesong tanong ay nakapagdudulot ng kritikal na pag-iisip sa mga estudyante at matagalang pagkatuto. Sa ganitong pagkakataon, nagkakaroon ng pag-uugnay ang mga estudyante sa kanilang mga kaalaman na magagamit nila kanilang mga sarili at sa lipunan.

Sa huling pamantayan ng eksplorasyon, 8 o 80% ang nagsabing lubusang namasid ang paglinang sa mga kasanayang pangwika sa mga estudyante gamit ang mga pamprosesong tanong habang isa (1) o 10% naman sa namasid at 1 o 10% sa hindi gaanong namasid. Nasa 4.7 ang antas o bilang ng pamantayang ito kung saan isinasaad na lubusan pa ring namasid ang paglinang sa kasanayang pangwika ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagtatanong. Kung saan ang paglinang ng kasanayang pangwika ay may mahalagang gampanin upang magkaroon ng epektibong pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa kapuwa (Mangahis, 2011).

Talahanayan 7

Pamantayan sa Pagtalakay o Diskusiyon

Pamantayan	Antas	Interpretasyon
12. Naipakikita ang pangkabuoang ideya ng aralin o paglinang sa mga kasanayan sa paksa	4.6	Lubusang namasid
13. Angkop ang bilis sa pagtalakay sa mga aralin ayon sa modalidad nito	4.4	Lubusang namasid
14. Nakapagtatag ng klase na naglulunsad ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng guro at mga estudyante	4.6	Lubusang namasid
15. Nabigyang-linaw ang mga hindi pamilyar na salita, konsepto at ideya	4.7	Lubusang namasid
16. Ipinaliliwanag ang mga komplikadong bahagi ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa	4.5	Lubusang namasid
17. Gumagamit ng interaktibong materyal sa pagtuturo	4.8	Lubusang namasid
18. Nagbibigay ng tanong sa klase upang mahasa ang pang-unawa ng mga estudyante	4.8	Lubusang namasid
19. Napapalawig ang ugnayang paksa-lipunan	4.5	Lubusang namasid
20. Nagagamit ng mga estudyante ang kaalaman at kasanayan nila sa pagpapahayag upang maiparating nang malinaw ang kanilang ideya sa klase	4.8	Lubusang namasid

May 7 mula sa 10 kalahok o 70% ang nagsabi na lubos nilang namasid na naipakikita ang pangkabuoang ideya ng aralin o paglinang sa mga kasanayan sa paksa habang nagtatalakay ang mga guro. Samantalang 2 o

20% ang nakapagsabi na namasid din nila ito at 1 o 10% ang hindi masyadong nakamasid. Sa antas na 4.6 ay masasabing lubos na namamasid ng mga gurong nagsasanay ang nasabing pamantayan sa loob ng diskusiyon.

Lima naman ang nagsabi na lubos nilang namasid na angkop ang bilis ng pagtalakay sa mga aralin ayon sa modalidad nito na harapang pagtuturo. Apat o 40% naman ang nagsabing namasid nila ang kaangkupang ito at 1 o 10% ang hindi ito lubos na namasid. May antas na 4.4 ang lubusang nakamasid sa pamantayang ito na nagpapakita ng kaangkupan sa moda ng pagtuturo na dapat maipatupad sa loob ng klasrum upang matantiya ang dami at bilis ng lektura. Ayon sa Tenney School (2016), ang wais na paggamit sa oras upang matuto ay isang malaking adbentahe sa bahagi ng guro at mga estudyante sapagkat mas nagkakaroon sila ng mas maraming oras upang matuto pa ng mga bagong paksa sa klase.

Mahalagang makabuo ng positibong ugnayan at komunikasyon sa pagitan ng guro at estudyante upang makapagtatag ng matibay na pundasyon ng tiwala at respeto sa isa't isa (Cristine, et al., 2022) na sumusuporta sa 10 kalahok na nagmasid sa pakitang turo ng mga mananaliksik. Anim o 60% ang lubos na nakamasid na nakapagtatag sa klase na paglulunsad ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng guro at mga estudyante. At may 4 o 40% naman na nagsabing namamasid lamang ito. Nasa 4.6 naman ang antas ng pamantayang ito na nagsasaad na lubos na namamasid ang kakayahang maglunsad ng bukas na komunikasyon ng klase.

Batay sa pag-aaral ni Marquez (2019), naniniwala siya na ang mga biswal na materyal o kagamitang pampagtuturo ay mas nakatutulong upang mas magnilay at mapalalim ang paraan ng pag-iisip ng mga estudyante batay sa kanilang mga nakikita o naibibigay na halimbawa. Ito ay sumusuporta sa ikaapat at ikalimang pamantayan sa hanay ng diskusiyon.

May 8 kalahok naman o 80% ang nakakita na nabibigyang-linaw ang mga hindi pamilyar na salita, konsepto at ideya sa pamamagitan ng bukas na diskusiyon at palitan ng diskurso ng guro at mga estudyante. May 1 o 10% naman ang nakamasid at 1 o 10% din ang hindi ito gaanong namasid. Pumapatak na nasa 4.7 na antas ang lubusang nakamamasid sa pamantayang ito ng talakayan. Katulad ng sinabi ni Marquez (2019) sa itaas, naniniwala siya na sa pamamagitan ng mga biswal na materyal o kagamitang pampagtuturo, mas makatutulong ito upang mapalalim ang kaalaman sa wika ng mga estudyante na pasok sa pamantayang ito.

Sa pamamagitan din ng biswal na materyal, nagagamit ito ng mga guro upang makapagbigay-linaw sa mga komplikadong bahagi ng paksa (Marquez, 2019) na sumusuporta sa 6 o 60% ng kalahok ang lubos na nakamamasid na ipinaliliwanag ng guro ang mga komplikadong bahagi ng lektura sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa. Tatlo o 30% ang nagsabing namasid ito at 1 o 10% lamang ang nagsabing hindi ito gaanong namasid. Sa antas nitong 4.5, masasabing lubos pa rin itong nakikita sa loob ng klase ayon sa pamantayang ito.

Ang pakay sa paggamit ng interaktibong materyal sa pagtuturo ay upang makapagturo ng espesipikong kasanayan (University of Bristol, n.d.) na namasid naman ng 9 o 90% ng mga nagsasanay na guro. Samantalang may 1 o 10% nagsasabi na hindi niya ito gaanong nakikita. Nasa 4.8 naman na antas ang lubusan itong namasid sa pamamagitan ng pamantayang ito.

Walong kalahok o 80% ang lubos na nakamasid na nagbibigay ng mga tanong ang guro sa klase upang mahasa pa ang pang-unawa ng mga estudyante sa paksang tinatalakay. Dalawa o 20% naman ang sapat na nakamasid lamang nito, katiyakang nasa 4.8 na antas ang lubusang nakamamasid nito habang nagtatalakay.

May 1 o 10% sa mga kalahok ang hindi gaanong namasid ang pagpapalawig sa diskurso ng ugnayang paksa-lipunan subalit may 3 o 30% ang nagsasabing namasid naman nila ito at 6 o 60% ang lubos pang nakamasid dito. Nagpapatunay na sa antas na 4.5 na lubusan itong namamasid sa talakayan ng klase. Mahalaga na magkaroon ng pagpapalawig sa diskurso ng ugnayang paksa-lipunan sapagkat sa pamamagitan nito ay nahuhubog ang isipan ng mga estudyante sa hugis ng lipunang ginagalawan. At tulad ng sinabi ni Constantino (1982), edukasyon ang pinakamahusay na paraan ng pananakop, kung gayon, sa ganoong paraan din natin dapat

na hulihin ang kamalayan ng mga estudyante sa pamamagitan ng pag-uugnay ng paksa at sarili sa kanilang lipunan.

At sa huling pamantayan, 2 o 20% ang nakamasid na nagagamit ng mga estudyante ang kanilang mga kaalaman at kasanayan sa pagpapahayag upang malinaw na maiparating ang kanilang mga ideya sa klase. Lamang naman ng 4 na kalahok ang lubos na nakamasid nito sa bilang na 8 o 80%, na may karampatang antas na 4.8 na nagsasabing lubos itong namamasid sa klase habang nagtatalakay.

Talahanayan 8

Pamantayan sa Inobasiyon

Pamantayan	Antas	Interpretasyon
21. Nakikinig nang mabuti sa mga tanong at sagot ng mga estudyante	4.6	Lubusang namasid
22. Naiaangkop ng guro ang mga kagamitang pampagtuturo para makamit ang mga bagong kaalaman sa iba't ibang paraan	4.8	Lubusang namasid
23. Nagkakaroon ng aplikasyon ng mga tinalakay upang makabuo ng interdisiplinaryo at makatotohanang koneksiyon	4.6	Lubusang namasid
24. Isinasakonteksto ang aralin sa sarili, komunidad at lipunan	4.7	Lubusang namasid
25. Binibigyang-tuon ang aktibo at kolaboratibong partisipasyon sa klase	4.9	Lubusang namasid

Lumalabas na 7 sa 10 mga nagmasid o 70% ang nagsasabing lubha nilang namasid sa pakitang-turo ang pakikinig nang maigi ng guro sa sagot ng mga estudyante habang 2 ang nagsabing ito'y kanilang namasid at 1 ang hindi gaanong namasid. Nasa 4.6 ang antas ng pagsang-ayon ng mga nagmasid na guro/gurong nagsasanay na lubusan nilang namasid sa klase ang nakasaad sa unang pamantayan sa bahagi ng kolaboratibong paggawa. Siyam o 90% ang nagsabing lubos nilang namasid ang pag-aangkop ng guro ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagkamit ng bagong kaalaman sa iba't ibang paraan, samantalang 1 ang nagsabing hindi ito gaanong namasid. Lumalabas na lubos na namasid ang ikalawang pamantayan na may 4.8 na bahagdan.

Sa bahagi ng pagkakaroon ng aplikasyon ng mga tinalakay upang makabuo ng interdisiplinaryo at makatotohanang koneksiyon, 6 o 60% ang nagsabing lubos nila itong namasid habang 4 ang nagsabing ito'y kanilang namasid. Ang ikatlong pamantayang ito sa bahagi ng Inobasiyon ay may antas na 4.6 na pagsang-ayon mula sa mga nagmasid.

Ang ikaapat na pahayag ukol sa pagsasakonteksto ng aralin sa sarili, komunidad at lipunan naman ay may antas na 4.7 ng lubos na namasid kung saan 7 ang nagsabing ito'y kanilang lubos na namasid at 3 ang nagsabing ito'y kanilang namasid. Siyam o 90% naman ang nagsabing lubos nilang namasid ang pagbibigay tuon ng guro sa aktibo at kolaboratibong partisipasyon ng klase, samantalang 1 ang nagsabing ito ay kaniyang namasid. Lumalabas na may 4.9 na antas ang panghuling pamantayan para sa bahaging ito.

Sa kabuoan, ang pagsulat ng realisasyon at paggawa poster bilang biswal na representasyon sa pagpapakita ng ugnayan ng paksa at lipunan ay isang mainam na paraan o gawain upang malinang ang kakayahang pangkolaboratibo ng mga mag-aaral habang nabibigyan ng pagpapalalim ang paksa sa pamamagitan ng pag-uugnay ng aralin sa lipunan. Ang nasabing gawain ay nagtataglay ng tatlong katangian; kolaboratibong

paggawa, pagpapalalim ng aralin sa sariling danas ng mga estudyante patungong lipunan, at paggamit ng makabagong teknolohiya bilang lunsaran ng gawain. Sa proseso ng pagbuo ng nasabing awtput, dahil may pagbuo ng reyalisasyon at pag-isip ng malikhang pamagat, nalilina din ang kakayahang pangkomunikatibo ng mga estudyante at ang makrong kasanayan ng mga ito sa pagsulat.

Talahanayan 9

Pamantayan sa Pagtataya

Pamantayan	Antas	Interpretasyon
26. Nailalapat ang kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa gawain	4.5	Lubusang namasid
27. Nakapagbibigay ng sapat na oportunidad sa mga estudyante na magkaroon ng pagtataya at kontribusyon sa kanilang pag-unlad	4.4	Lubusang namasid
28. Napapanatili ng guro ang nakapanghihikayat na silid-aralan para sa mga estudyante upang mapaunlad ang pagkakaroon ng epektibong kasanayang pangkomunikatibo na maaaring ilapat sa kontekstong panlipunan at mga makatotohanang sitwasyon	4.6	Lubusang namasid
29. Nakagagamit ang mga guro ng estratehiya sa pagtataya na nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na magkaroon ng sariling pagtanaw at pagbibigay repleksiyon sa kanilang pag-unlad.	4.7	Lubusang namasid

Lima sa 10 kalahok o 50% ang nagsasabing lubusang namasid ang bahagi ng paglapat ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa gawain. Habang 5 o 50% naman sa kanila ay nagsasabing namasid lamang ito. Kung kaya't ang kabuoang antas ng unang na pamantayan sa pagtataya ay 4.5 at lubusan itong namasid. Mula naman sa ikalawang pamantayan sa pagtataya, 5 sa 10 kalahok o 50% ang nagsasabing lubusan itong namasid habang may 4 o 40% na nagsabing namasid at 1 o 10% sa hindi gaanong namasid. Tinatayang nasa 4.4 na antas o lubusang namasid ang pagbibigay ng sapat na oportunidad sa mga estudyante na magkaroon ng pagtataya at kontribusyon sa kanilang pag-unlad. Ang ikatlong pamantayan tungkol sa pagpapanatili ng guro ng nakapanghihikayat na klasrum para sa mga estudyante upang mapaunlad ang pagkakaroon ng epektibong kasanayang pangkomunikatibo, na maaaring ilapat sa kontekstong panlipunan at mga makatotohanang sitwasyon ay kapansin-pansin na lubusan itong namasid na may antas na 4.6. May 6 sa 10 kalahok o 60% ang nagsabi na lubusan itong namasid habang 4 o 40% naman sa namasid. Sa panghuling bahagi ng pamantayan, mayroon 8 sa 10 kalahok o 80% ang nagsabi na lubusan itong namasid, 1 o 10% sa namasid at 1 o 10% rin sa hindi gaanong namasid. May kaukulang 4.7 na antas ang bahaging ito at lubusang namasid ang paggamit ng guro ng mga estratehiya sa pagtataya na nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na magkaroon ng sariling pagtanaw at pagbibigay repleksiyon sa kanilang pag-unlad.

Ayon kay Badayos (2008), ang pagtataya o pagsukat sa natutuhan ay isang walang tigil na proseso at ito ay maaaring maganap anomang oras. Kung kaya't ang bahagi ng pagtatayang isinagawa ng mga guro gamit ang pinagyaman na modelong MEDIA ay epektibo at mahalaga sa pagkatuto ng mga estudyante lalo na sa bahaging ng kanilang pag-unlad, kasanayang pangkomunikatibo, at pag-unawa sa lipunan.

4. Konklusiyon at Rekomendasyon

Batay sa resulta ng naging pagsusuri ng mga banghay-aralin at panayam, hindi lahat ng mga gurong nagsasanay sa iba't ibang asignatura ay nakabatay sa katangian ng modelong MEDIA. Lalo na sa bahaging Motibasiyon at Eksplorasiyon. Dahil dito, nalilimitahan ang oras ng guro sa aktuwal o harapang pagtuturo sapagkat mayroon lamang isang sinkronus na sesiyon na nagtatagal ng dalawang oras kada linggo. Kung kaya't ang mga gawain tulad ng pagpapabasa ng teksto at iba pang paunang gawaing may kinalaman sa aralin ay isinasagawa nang asinkronus upang magamit nang lubos ang buong oras ng sinkronus na sesiyon sa pagtalakay, pagpapalalim ng aralin, at paglilinaw ng mga konsepto. Sa bahagi ng Pagtalakay, karaniwan lamang nailalahad ng guro ang aralin sa buong talakayan at hindi na nagkakaroon ng sapat na oras para sa pagpapalalim nito. Dagdag pa rito, hindi na nabibigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na magbahagi ng kanilang mga kaalaman sa paksang tinatalakay.

Sa kabuoan, nakitang hindi nagiging bukas ang talakayan at nagkakaroon ng kakulangan sa pagpapalalim ng paksa ang karamihan sa mga banghay-aralin dahil ang buong modelong MEDIA ay inilapat sa iisang sinkronus na sesiyon at hindi bilang isang paunti-unting paglalagat ng guro ng mga gawain na dapat na nagbibigay ng mas matatag na pundasyon ng pang-unawa ng mga estudyante sa paksa ng aralin. Bukod dito, may mga makrong kasanayan ang naisasantabi at hindi nalilintang sapagkat nakasentro lamang sa guro ang talakayan.

Mula naman sa isinagawang pakitang turo na minarkahan gamit ang instrumento, nakitang ang mga kapamaraan at gawaing ibinigay ng mga mananaliksik lalo na sa bahagi ng pagkakaroon ng bukas na talakayan sa klase ay lubusang namasid at nakatulong upang makamit ang aktibong pakikisangkot ng mga estudyante na nagdulot sa mga ito na matutong gumawa nang kolaboratibo, maging malikhain sa mga awtput na kanilang ipinasa, at maramdamang may kabuluhan ang kanilang mga ginagawa. Naging mahalaga sa pinagyamang modelong MEDIA ang paglalapat ng bukas na talakayan sa klase dahil nalalaman ng guro ang mga opinyon at reyalisasyon ng mga estudyante sa kaniyang tinalakay dahil ang pagtuturo ng wika ay dapat na hindi lamang na mas pinaunlad at pinalalalim pa sa kung paano lamang ito mailalapat nang akma kundi higit lalo sa paglalapat ng mga komplikadong kaisipang maaaring paggamitan ng wika tulad ng pagpapayahag ng sariling opinyon, pagsulat at pagbuo ng mga awtput, at paggamit sa pakikipag-ugnayan sa iba.

Samakatuwid, ang modelong ito ay hindi na lamang tinitingnan ng mga mananaliksik bilang isang balangkas sa pagbuo ng banghay-aralin kundi ito ay isang proseso o hakbang sa kung paano dapat matamo ng mga estudyante ang pagkatuto mula sa kaniyang sarili patungo sa mas malawak na saklaw.

Mula sa naging proseso at kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ng mga mananaliksik na (1) bumuo ng iba pang banghay-aralin sa iba't ibang antas at asignatura na nakaangkla sa pinagyamang modelong MEDIA, at (2) mas palawigin ang bilang ng mga kalahok sa pag-aaral kung saan mas maraming mga guro at gurong nagsasanay ang magmamasid sa isasagawang pakitang turo. Sapagkat ang pagpapalawig ng mga kalahok ay mas makapagpapatibay sa pinagyamang modelo. Bukod dito, hinihikayat pa ang mga susunod na mga mananaliksik na magkaroon ng panayam sa mga estudyante, guro, at bumuo sa modelong MEDIA upang malaman ang kanilang pananaw at perspektiba sa nasabing modelo. Sa kabilang banda, ang pakikipanayam ay mas makapagbibigay ng mas malawak na kaalaman at pagtingin sa mga mananaliksik sa kung ano ito at kung bakit nabuo ang modelo. Dagdag pa rito, ang nabuong banghay-aralin ng mga mananaliksik ay maaaring maging batayan ng mga guro at mga gurong nagsasanay sa kanilang pagtuturo upang magkaroon ng pagpapalalim sa paghahasa at paglinang ng mga kasanayan gamit ang bukas na talakayan.

5. Sanggunian

Adoption of the basic education learning continuity plan for School Year 2020-2021 in the Light of the COVID-19 public health emergency. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/202006/DO_s2020_012.pdf

- Alagad-Abad, M., & Castaneto-Ruedas, P. (2001). *Filipino bilang tanging gamit sa pagtuturo*. National Book Store.
- Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino. Mga teorya, simulain at estratehiya*. Mutya Publishing.
- Basic Education Learning Continuity Plan in the time of COVID 19 (BE-LCP):
https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/2020/07/DepEd_LCP_July3.pdf
- Benett, S. (2021). *What are Essential Questions? Explained by Experts*. Chalk.
<https://www.chalk.com/resources/essential-questions/>
- Bowen, E. R. (2003). *Student engagement and its relation to quality work design: A review of the literature*. Action Research Exchange.
<https://citeseerx.ist.psu.edu/document?repid=rep1&type=pdf&doi=957e9d459bdd612217e2272b2cb84af33060081a>
- Constantino, R., & Constantino, L. R. (1982). *The Miseducation of the Filipino*. World Bank Textbooks: Scenario for Deception.
- Coristine, S., Russo, S., Fitzmorris, R., Beninato, P., & Rivolta, G. (2022). *The importance of student-teacher relationships*. Classroom Practice in 2022.
<https://ecampusontario.pressbooks.pub./educ5202/chapter/the-importance-of-student-teacher-relationships/>
- Krause, K., Bochner, S., & Duchesne, S. (2006). *Educational psychology for learning and teaching*.
<https://researchers.mq.edu.au/en/publications/educational-psychology-for-learning-and-teaching>
- Mangahis, J. C. (2011). *Ang Makrong-kasanayan sa Filipinolohiya = The Macro-skills in Filipinology*.
<https://www.ejournals.ph/article.php?id=7993>
- Marquez. (2019). *Teaching Vocabulary with Visual Aids*.
- Montebon, D. R. T. (2017). *Befriending the foe: Towards an instructional model on utilizing the social media in the classroom*. International Journal of Research.
https://scholar.google.com/citations/view_op=view_citation&hl=en&user=dI2iYFQAAAAJ&citation_for_view=dI2iYFQAAAAJ:YsMSGLbcyi4C
- Rogers, B. (2022). *The Importance of Audio Visual in Education* | AdEPT. AdEPT | Technology Group.
<https://www.adept.co.uk/the-importance-of-audio-visual-in-education/>
- Tenney, M. (2022). *What is the Real Ideal Class Length? Tenney School*.
<https://tenneyschool.com/what-is-the-real-ideal-class-length/>
- The Art of Questioning. (n.d.). <https://fieldexperience.teachers.ab.ca/cm/the-art-of-questioning>
- Velaroso, G., & Largo, R. (2021). *Istilo sa Pagtuturo ng mga Gurong Hindi Filipino Medyor*.
- Villanueva, V. M. (2014). *GOOGLELISMO + GUGOLISMO= Masining, Makaagham, Makabuluhan, at Makatotohanang Produkto ng Pagtuturo at Pagkatuto*.
<https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2018/09/GC-V-20.pdf>
- WHO Director-General's opening remarks at the media briefing on COVID-19 - 11 March 2020
<https://www.who.int/director-general/speeches/detail/who-director-general-s-opening-remarks-at-the-media-briefing-on-covid-19---11-march-2020>
- Woolfolk, A., Margetts, K. (2007). *Educational psychology*.
<https://www.pearsonhighered.com/assets/preface/0/1/3/4/0134774329.pdf>
- World Health Organization Declares COVID-19 a 'Pandemic.' Here's What That Means.
<https://time.com/5791661/who-coronavirus-pandemic-declaration/>